


# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 4: Mga Hakbang na Nagsusulong ng Pagtanggap at Paggalang sa Kasarian



## **Araling Panlipunan – Ikasampung Baitang**

### **Alternative Delivery Mode**

## **Ikatlong Markahan – Modyul 4: Mga Hakbang na Nagsusulong ng Pagtanggap at Paggalang sa Kasarian**

### **Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

### **Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

|                      |  |
|----------------------|--|
| <b>Manunulat:</b>    | Einee B. Camota, Jherry L. Faustino, Raquel C. Cruzada, Alexis B. Pidlaoan   |
| <b>Editor:</b>       | Leizl S. Cancino, Perpetua V. Barongan, Markconi F. Taroma, Cristina C. Aquino   |
| <b>Tagasuri:</b>     | Editha T. Giron, Gemma M. Erfelo, Gina A. Amoyen, Renato S. Santillan  |
| <b>Tagaguhit:</b>    | Dennis A. Evangelista  |
| <b>Tagalapat:</b>    | Lemuel Dino V. Visperas, Jera Mae B. Cruzado   |
| <b>Tagapamahala:</b> | Tolentino G. Aquino<br>Arlene A. Niro<br>Gina A. Amoyen<br>Editha T. Giron<br>Venus Maria SM. Estonilo<br>Renata G. Rovillos |

### **Inilimbag sa Pilipinas ng**

### **Department of Education – Region I**

Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La Union

Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137

E-mail Address: region1@deped.gov.ph

# 10

## **Araling Panlipunan**

**Ikatlong Markahan – Modyul 4:  
Mga Hakbang na Nagsusulong ng  
Pagtanggap at Paggalang sa  
Kasarian**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Ang bawat tao anoman ang kasarian o *gender identity* ay dapat igitang dahil ang lahat ay mayroong pantay-pantay na karapatan. Kaya naman sa araling ito, inaasahan na ang mga mag-aaral ay makagagawa ng mga hakbang na magsusulong ng pagtanggap at paggalang sa kasarian na nagtataguyod ng pagkapantay-pantay ng tao bilang kasapi ng pamayanan.

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat na nakatuon sa iyo. Nakapaloob sa modyul na ito ang mahalagang kompetensi alinsunod sa *K to 12 Curriculum* ng Kagawaran ng Edukasyon.

### **Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto**

Nakagagawa ng hakbang na nagsusulong ng pagtanggap at paggalang sa kasarian na nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng tao bilang kasapi ng pamayanan. **(MELC4)**

### **Layunin**

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang:

- Natatalakay ang iba't ibang mga hakbang na nagsusulong ng pagtanggap at paggalang sa kasarian;
- Nasusuri ang epekto ng mga hakbang na nagsusulong ng pagtanggap at paggalang sa kasarian sa mga mamamayan sa lipunan;
- Nabibigyang halaga ang mga hakbang na nagsusulong ng pagtanggap at paggalang sa kasarian; at
- Nakagagawa ng mga programa at aktibidad na nagsusulong ng pagtanggap at paggalang sa kasarian.



## Subukin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong at piliin ang wastong sagot mula sa mga pagpipilian. Letra lamang ng wastong sagot ang isulat sa sagutang papel.

1. Ang layunin nito ay ang pantay-pantay na karapatan at oportunidad para sa lahat ng uri ng kasarian.
  - a. SOGIE Bill
  - b. Gender Equality
  - c. HeForShe.org
  - d. Human Rights
2. Ano ang nais iparating ni Geraldine Roman sa kanyang sinabi na “Ang pagtakbo sa kongreso ay hindi isyu ng kasarian kundi isyu kung sino ang makakatulong sa bayan?”
  - a. Ang kasarian ay may epekto sa serbisyo na maipagkakaloob ng isang politiko.
  - b. Ang pagsali sa politika ay nararapat sa babae at lalaki basta sila ay makatutulong sa bayan.
  - c. Kahit ano pa man ang kasarian, ang bawat isa ay may karapatan na tumakbo sa halalan.
  - d. Ang kasarian ay hindi basehan sa pagpili ng lider, kundi ang serbisyo na maipagkakaloob niya sa bayan.
3. Ito ay pinag-isang kampanya ng UN Women para sa pagkakapantay-pantay ng kasarian.
  - a. HeForShe.org
  - b. SOGIE Bill
  - c. Human Rights
  - d. Gender Equality
4. Si Andrew ay kabilang sa *LGBT community*. Siya ay mahilig magsuot ng damit pambabae sa tuwing siya ay nagpupunta ng *mall* dahil ito ay naaayon sa kaniyang damdamin. Subalit dahil din dito ay madalas siyang kutyahin ng ilang tao sa kanilang lugar. Anong panukalang batas ang maaaring makatulong kay Andrew upang maiwasan na ang ganitong uri ng pangyayari?
  - a. Human Rights
  - b. SOGIE Bill
  - c. HeForShe.org
  - d. Gender Equality
5. Ayon sa HeForShe.org, kinakailangan ang tulong ng mga kalalakihan upang malabanan ang di-pantay na pagtrato sa mga kababaihan. Bakit kailangan itong gawin?
  - a. Kailangan ang tulong ng kalalakihan dahil mas kaunti ang bilang ng kababaihan kaya hindi nila kakayanin na isulong ang kanilang karapatan.
  - b. Kailangan ang tulong ng kalalakihan dahil higit ang kanilang bilang na may posisyon sa pamahalaan.
  - c. Kailangan ang tulong ng kalalakihan dahil sila ay mayroong direktang ugnayan sa isyung ito.
  - d. Kailangan ang tulong ng kalalakihan dahil magkatuwang ang babae at lalaki sa buhay.

6. Ito ay isang panukalang batas na naglalayong maiwasan ang diskriminasyon ano pa man ang oryentasyong seksuwal ng isang indibidwal.
- Human Rights
  - Gender Equality
  - SOGIE Bill
  - HeForShe.org
7. Ito ay paniniwalang ang kababaihan at kalalakihan ay dapat magkaroon ng pantay na karapatan at oportunidad.
- Sexualism
  - Feminism
  - Masculinity
  - Gender Sensitivity
8. Si Roy ay miyembro ng isang organisasyong lumalaban at naglalayong mabigyang ng patas na pagkakataon at pagtingin ang lahat ng tao, sila man ay babae, lalaki o LGBT. Ano ang ipinaglalaman ni Roy?
- Gender Sensitivity
  - Feminism
  - Gender Equality
  - Sexualism
9. Isa kang may mataas na katungkulan sa inyong paaralan, nakakita ka ng isang miyembro ng LGBT na nilalait ng kanyang kamag-aral. Ano ang maaari mong gawin upang maiwasan ang ganitong pangyayari?
- Makialam at sumama sa panlalait sa kanya
  - Hayaan na lang siya dahil hindi ka naman kasapi sa LGBT
  - Pagsabihan ang mga mag-aaral na huwag siyang i-bully sa loob ng paaralan
  - Ipatawag sa opisina ang mga mag-aaral na nanlalait at pagsabihan na huwag na nila itong ulitin dahil lahat ng tao ay may damdamin at pantay na karapatan
10. Kung ikaw ay isa sa miyembro ng LGBT, ano ang puwede mong gawin upang higit na maitaas ang dignidad ng iyong grupo na kinabibilangan?
- Magkaroon ng programa tungkol sa pangangalaga ng kalikasan
  - Huwag ng pansinin ang sinasabi ng iba basta't gumagawa ka ng tama
  - Maging magandang halimbawa o modelo sa bawat isa
  - Lahat ng nabanggit
11. Ano ang kahulugan ng acronym na SOGIE?
- Sexual Orientation and Gender Identity and Expression
  - Sex Orientation and Gender Identity or Expression
  - Social Orientation and Gender Identity or Expression
  - Social Operations on Gender Identity and Expression
12. Bakit kinakailangang magkaroon ng pantay-pantay na karapatan ang lahat ng tao kahit ano pa ang kanilang kasarian?
- Dahil lahat ng tao, anoman ang kasarian ay mabubuti
  - Dahil ito ay ipinaglalaman ng mga kilalang personalidad
  - Dahil lahat tayo ay mamamayan ng ating sariling bansa
  - Dahil ang lahat, anuman ang kasarian ay dapat igalang at pahalagahan
13. Dito sa Pilipinas, ang partisipasyon ng kababaihan sa politika ay higit na mababa kumpara sa kalalakihan. Dalawang babae ang naging Presidente ng bansa at sa ika-18 kongreso, 7 lamang sa 24 na senador ang babae. Sa Edukasyon, higit na marami ang babaeng nakapag-*enrol* sa elementarya at sekondarya. Sa taong 2015, ang *female net enrollment ratio* (NER) sa pribado at pampublikong

mababang paaralan ay nasa 91.96% habang ang ay *male NER* ay nasa 90.2%. Samanatala, batay sa *Labor Force Survey* o *LFS* noong Enero 2021, mas mataas ang *Labor Force Participation Rate* ng mga lalaki (73.9%) kaysa sa mga babae (46.9%). Ano ang mahihinuha mo sa talata?

- a. Ang partisipasyon ng kababaihan at kalalakihan ay walang pinagkaiba.
  - b. Ang partisipasyon ng kababaihan ay higit na mataas kumpara sa kalalakihan.
  - c. Pantay ang partisipasyon ng kababaihan at kalalakihan sa iba't ibang aspekto ng ating lipunan.
  - d. Mas mataas pa rin ang bilang ng partisipasyon ng kalalakihan kaysa sa kababaihan sa larangan ng sa politika at sa trabaho.
14. Ang SOGIE bill ay pagpapapakita ng pagsunod ng ating pamahalan sa mga sumusunod maliban sa isa. Ano ito?
- a. Commission on Human Rights
  - b. Universal Declaration of Human Rights
  - c. International Covenant on Civil and Political Rights
  - d. International Covenant on Economic Social and Cultural Rights
15. Ano ang ibig sabihin nito? *“Both men and women should feel free to be sensitive. Both men and women should feel free to be strong. It is time that we all perceive gender on a spectrum, instead of two sets of opposing ideal.” –Emma Watson*
- a. Ang kababaihan ay higit na sensitibo kumpara sa mga kalalakihan.
  - b. Ang kababaihan at kalalakihan ay dapat magkaroon ng pantay na karapatan.
  - c. Ang kababaihan at kalalakihan ay dapat magkaroon ng pantay at magkasundong pananaw tungkol sa kasarian.
  - d. Ang kababaihan ay dapat bigyan ng higit na karapatan kumpara sa kalalakihan dahil sila ang kalimitang nakararanas ng diskriminasyon.

## Aralin

# 1

## Tugon sa mga Isyu sa Kasarian at Lipunan



### **Balikan**

Sa bahaging ito, iyong babalikan ang mga dating kaalaman at pag-unawa tungkol sa tugon ng Pamahalaang Pilipinas sa mga isyu ng karahasan at diskriminasyon. Simulan mo ito sa pamamagitan ng pagtupad sa gawain na nasa ibaba.



## Gawain 1: Deskripsiyon at Kahalagahan!

Isulat ang nilalaman ng mga batas at ng prinsipyo na nasa ibaba at ipaliwanag ang kahalagahan ng mga ito upang maiwasan ang karahasan sa anomang kasarian. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| BATAS  | DESKRIPSIYON | KAHALAGAHAN |
|--|--------------|-------------|
| Yogyakarta Principles  |              |             |
| Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women (CEDAW) |              |             |
| Anti-Violence Against Women and Their Children Act                                 |              |             |
| Magna Carta for Women  |              |             |



### ***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.




## Tuklasin

Sa araling ito ay matatalakay natin ang iba't ibang mga hakbang na nagsusulong ng pagtanggap at paggalang sa kasarian upang maitaguyod ang pagkapantay-pantay ng tao bilang kasapi ng pamayanan. Kaya kung handa ka na, simulan mo ito sa pamamagitan ng pagsagot sa gawain sa ibaba.

### Gawain 2: *WQF (Words, Questions, Facts) Diagram*

Gumawa ng *WQF (Words, Questions, Facts) Diagram* tungkol sa paksa ng **“Iba't ibang hakbang tungo sa pagtanggap at paggalang sa kasarian.”** Sundin ang sumusunod na panuto sa paggawa nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Itala sa kahon na nasa ibaba ng “W” ang mga salitang maiuugnay mo sa paksa na nabanggit sa itaas.
2. Sa kahon ng “Q,” bumuo ng 3-5 na tanong na nais mong masagot tungkol sa paksa.
3. Ipagpaliban ang pagsagot sa bilog “F.” Babalikan ito pagkatapos ng talakayan.





## **Suriin**

Ngayon ay babasahin mo ang mga teksto tungkol sa mga hakbang na nagsusulong ng pagtanggap at paggalang sa kasarian. Handa ka na ba? Simulan na natin!

### **Iba't ibang hakbang tungo sa pagtanggap at paggalang sa kasarian**

#### ***Gender Equality***

Nananatiling malaking isyu at hamon ang pagkakapantay-pantay ayon sa kasarian. Sa Pilipinas, kahit malayo na ang narating ng kababaihan sa larangan ng politika, negosyo, media, akademya, at iba pang larangan; nanatiling biktima pa rin sila ng diskriminasyon at karahasan. Ngunit hindi lamang sila ang nahaharap sa diskriminasyon at karahasan, maging ang mga kalalakihan rin ay biktima nito. Panghuli, ang tinawag ni Hillary Clinton (2011) na “invisible minority” ay ang mga LGBT, ang kanilang mga kuwento ay itinago, inilihim at marami sa kanila ang nanahimik dahil sa takot. Marami sa kanila ang nahaharap sa malaking hamon ng pagtanggap at pagkakapantay-pantay sa pamilya, paaralan, negosyo, lipunan at maging sa kasaysayan. Kaya naman ang *gender equality* o pantay na karapatan at oportunidad sa lahat ng kasarian ay dapat isulong at paigtingin sapagkat kung hindi magiging pantay ang turing sa bawat kasarian o kung ito ang magiging basehan ng pagkatao ng isang indibidwal, ito ay maaaring magdulot ng hindi pantay na pagtrato.

Ayon sa dating senador na si Loren Legarda (Senate Women's Month Privilege Speech, 2011) ang papel na ginagampanan ng mga babae sa ating lipunan ay patuloy na nagbabago. Matapos mabigyan ng pagkakataong makapag-aral, ang mga babae ay naging aktibong bahagi na ng puwersang manggagawa, kadalasa'y gumagawa ng trabahong dati'y laan lang para sa mga lalaki. Isang magandang halimbawa ay ang hakbang ng ilang bus companies na kumuha ng babaeng *driver* na tinuruang magmaneho ng *Technical Education and Skills Development Authority* (TESDA) at rekomendado ng *Metro Manila Development Authority*. Ayon pa rin sa kanya, hindi komo maraming babae na ang nakapagtatrabaho ay sapat na ito. Hindi komo nakikibahagi na sila sa paggawa ng desisyon sa pamilya, sa komunidad at sa bansa, ay nangangahulugang pantay na sila sa mga lalaki.


Noong 2018, inilabas ng *Forbes Magazine* ang kanilang “*Most Powerful People in the World.*” Sa 75 na tao na nasa listahan, lima lamang dito ang babae. Sina Angela Merkel, *Chancellor* ng Germany; Theresa May, Prime Minister ng United Kingdom; Christine Lagarde ng International Monetary Fund; CEO ng General Motors na si Mary Barra at si Abigail Johnson, CEO ng Fidelity Investments. Sa kabuuang 49.6% na populasyon ng babae sa mundo, limang tao lamang ang napabilang at itinuturing na pinakamakapangyarihan sa mundo.

Dito sa Pilipinas, ang partisipasyon ng kababaihan sa politika ay higit na mababa kumpara sa kalalakihan. Dalawang babae ang naging presidente ng bansa at sa ika-18 kongreso, 7 lamang sa 24 na senador ang babae. Sa edukasyon, higit na marami ang babaeng nakapag-*enrol* sa elementarya at sekondarya. Sa taong 2015, ang *female net enrollment ratio* (NER) sa pribado at pampublikong mababang

paaralan ay nasa 91.96% habang ang ay *male NER* ay nasa 90.2%. Samanatala, batay sa Labor Force Survey o LFS noong Enero 2021, mas mataas ang *Labor Force Participation Rate* ng mga lalaki (73.9%) kaysa sa mga babae (46.9%) (Philippine Statistics Authority, 2021).

### Gawain 3: SURI-SIMBOLO

Suriin ang simbolo na nasa ibaba at sagutin ang sumusunod na katanungan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



1. Ano-anong mga simbolo ang makikita sa itaas? Umpisahan mula sa kaliwa.
2. Ano ang nais iparating ng mga simbolong ito?
3. Nararapat bang mangyari ang mensahe na ipinaparating ng mga simbolo sa itaas? Ipaliwanag.

### Kampanyang HeForShe.org

Ang HeForShe.org ay pinag-isang kampanya ng *UN Women* para sa pagkakapantay-pantay ng kasarian. Ito rin ay naglalayong isama ang kalalakihan sa laban sa di-pantay na pagtrato sa kababaihan at para rin sa karapatan ng kababaihan. Noong ika-20 ng Setyembre taong 2014 sa punong tanggapan ng United Nations, pinangunahan ni Emma Watson ang isang kampanya para sa HeForShe.org. Ito ang kanyang pahayag:

*“Today we are launching a campaign called HeForShe. I am reaching out to you because we need your help. We want to end gender inequality, and to do this, we need everyone involved. This is the first campaign of its kind at the UN. We want to try to mobilize as many men and boys as possible to be advocates for change. And, we don’t just want to talk about it. We want to try and make sure that it’s tangible”.*

*“I was appointed as Goodwill Ambassador for UN Women six months ago. And, the more I spoke about feminism, the more I realized that fighting for women’s rights has too often become synonymous with man-hating. If there is one thing I know for certain, it is that this has to stop”.*

*“For the record, feminism by definition is the belief that men and women should have equal rights and opportunities. It is the theory of political, economic and social equality of the sexes”.*

*“I started questioning gender-based assumptions a long time ago. When I was 8, I was confused for being called bossy because I wanted to direct the plays that we would put on for our parents, but the boys were not. When at 14, I started to be sexualized by certain elements of the media. When at 15, my girlfriends started dropping out of sports teams because they didn’t want to appear muscly. When at 18, my male friends were unable to express their feelings”.*

*“I decided that I was a feminist, and this seemed uncomplicated to me. But my recent research has shown me that feminism has become an unpopular word. Women are choosing not to identify as feminists. Apparently, I’m among the ranks of women whose expressions are seen as too strong, too aggressive, isolating, and anti-men. Unattractive, even. Why has the word become such an uncomfortable one? I am from Britain, and I think it is right I am paid the same as my male counterparts”.*

*“But sadly, I can say that there is no one country in the world where all women can expect to see these rights. No country in the world can yet say that they achieved gender equality. These rights, I consider to be human rights, but I am one of the lucky ones”.*

*“We don’t often talk about men being imprisoned by gender stereotypes, but I can see that they are, and that when they are free, things will change for women as a natural consequence”.*

*“If men don’t have to be aggressive in order to be accepted, women won’t feel compelled to be submissive. If men don’t have to control, women won’t have to be controlled”.*

*“Both men and women should feel free to be sensitive. Both men and women should feel free to be strong. It is time that we all perceive gender on a spectrum, instead of two sets of opposing ideals”.*

*“If we stop defining each other by what we are not, and start defining ourselves by who we are, we can all be freer, and this is what HeForShe is about. It’s about freedom I want men to take up this mantle so that their daughters, sisters, and mothers can be free from prejudice, but also so that their sons have permission to be vulnerable and human too, reclaim those parts of themselves they abandoned, and in doing so, be a more true and complete version of themselves”.*

*“You might be thinking, “Who is this Harry Potter girl, and what is she doing speaking at the UN?” And, it’s a really good question. I’ve been asking myself the same thing”.*

*“All I know is that I care about this problem, and I want to make it better. And, having seen what I’ve seen, and given the chance, I feel it is my responsibility to say something. Statesman Edmund Burke said, “All that is needed for the forces of evil to triumph is for good men and women to do nothing.”*

*“In my nervousness for this speech and in my moments of doubt, I told myself firmly, If not me, who? If not now, when? If you have similar doubts when opportunities are presented to you, I hope those words will be helpful”.*

*“Because the reality is that if we do nothing, it will take seventy-five years, or for me to be nearly 100, before women can expect to be paid the same as men for the same work. 15.5 million girls will be married in the next 16 years as children. And at current rates, it won't be until 2086 before all rural African girls can have a secondary education”.*

*“If you believe in equality, you might be one of those inadvertent feminists that I spoke of earlier, and for this, I applaud you. We are struggling for a uniting word, but the good news is, we have a uniting movement. It is called HeForShe. I invite you to step forward, to be seen and to ask yourself, “If not me, who? If not now, when?”*

Si Emma Watson ay isang aktres mula sa United Kingdom na nakilala sa kanyang mga pagganap sa mga pelikula ng Harry Potter series bilang Hermione Granger. Itinalaga si Watson ng UN Women, isang ahensya ng United Nations para sa pagkakapantay-pantay ng mga kasarian at sa ikabubuti ng kababaihan, bilang UN Goodwill Ambassador. Pinangungunahan niya ang kampanyang HeForShe.

#### **Gawain 4: SURI-BALITA**

Basahin at unawain ang sumusunod na balita. Pagkatapos ay sagutin ang pamprosesong mga tanong sa sagutang papel.

**ALAMIN: Batayang karapatan ng kababaihan**  
Posted at Mar 08 2018 06:37 PM | ABS-CBN News

Ipinagdiriwang ngayon ang International Women's Day habang kinikilala ang buwan ng Marso bilang buwan ng kababaihan. Ngunit ano nga ba ang ilan sa mga batayang karapatan ng kababaihan sa ilalim ng batas? Ito ay tinalakay sa programang 'Usapang de Campanilla' sa DZMM nitong Miyerkoles.

Isa sa mga karapatang ito ay ang pagtitiyak na walang diskriminasyon sa mga babaeng nagtatrabaho, ayon kay Emmeline Verzosa, *Executive Director* ng *Philippine Commission on Women*. Aniya, may mga batas na nagbabantay sa karapatan ng kababaihan pagdating sa pag-a-apply sa trabaho tulad ng mga *labor code* at ang *Republic Act 6725*. Layon ng RA 6725 na labanan ang diskriminasyon sa kababaihan pagdating sa mga kondisyon sa trabaho. Nakasaad din sa *Magna Carta of Women* na dapat ay walang diskriminasyon sa mga empleyada.

Ang *Department of Labor and Employment* ang nagbabantay kung mayroong "*gender-based discrimination*" sa pribadong sektor, habang ang *Civil Service Commission* naman sa sektor ng gobyerno, ayon kay Verzosa. Dagdag pa rito, marami pang ibang karapatan ang kababaihan.

"Kasi *comprehensive* ito, *social, political, cultural, economic*. Sa economic, dapat ang kababaihan may *right to livelihood, credit, technology, training, skills, decent work*," ani Verzosa.

"Kung gusto niyang magtrabaho, kailangan mayroon siyang mapagkukuhanan ng trabaho na disente. Kunwari gusto niyang magnegosyo, mayroon siyang mga serbisyo na matatangap or mapagkukuhanan para umunlad ang kaniyang negosyo," dagdag ni Verzosa.

Para naman masigurong sapat ang mga programa at serbisyo sa kababaihan, kailangan aniya ay maglaan ng 5 porsiyento ng kanilang budget ang mga ahensiya ng gobyerno para sa "*Gender and Development Plan and Budget*" o GAD. Halimbawa, maaaring gamitin ang GAD para sa pagpapatakbo ng mga Women's Desk sa mga estasyon ng pulis.

Pinagkunan: <https://news.abs-cbn.com/news/03/08/18/alamin-batayang-karapatan-ng-kababaihan>

Pamprosesong mga tanong:

1. Tungkol saan ang balita?
2. Ano-anong mga karapatan ang dapat makamit ng kababaihan ang nabanggit?
3. Ano-anong mga batas ang nabanggit sa balita na may kinalaman sa karapatan ng kababaihan?
4. Paano sinisiguro na walang diskriminasyon laban sa kababaihan na nagaganap?
5. Ano ang pagkakatulad ng nilalaman ng kampanyang HeForShe.org at ng balita?

## **SOGIE Bill at Politikal na Paglahok ng LGBT**

Ayon sa pag-aaral na ginawa ng *United Nations Office of the High Commissioner for Human Rights* o UN-OHCHR noong 2011, may mga LGBT (bata at matanda) na nakaranas ng di-pantay na pagtingin at pagtrato ng kanilang kapwa, pamilya, komunidad at pamahalaan. Kaya naman sa paglipas ng panahon, hindi lamang karapatan ng kalalakihan at kababaihan ang ipinaglalaman ng iba't ibang indibidwal o grupo. Kabilang din sa mga isinusulong ay ang karapatan ng mga miyembro ng *LGBT community* kaya naman mayroong panukalang batas na naglalayong magsulong nito, ito ang *SOGIE bill*.

Ang SOGIE bill, base sa nilalaman ng panukala ni Senator Riza Hontiveros ay naglalayong maiwasan ang anomang anyo ng diskriminasyon base sa *sexual orientation and gender identity or expression* ng isang tao. Base pa rito, ang panukalang batas na ito ay pagpapakita ng pagsunod ng pamahalaan sa *Universal Declaration of Human Rights* (UDHR), *International Covenant on Civil and Political Rights* (ICCPR), at sa *International Covenant on Economic Social and Cultural Rights* (ICESCR) na nagsasaad na dapat matamasa ng bawat tao ang patas at epektibong proteksiyon laban sa diskriminasyon sa kahit anomang basehan katulad ng lahi, kulay, kasarian, wika, relihiyon, politikal at iba pang opinyon; pambansa o panlipunang pinagmulan, kapanganakan, at iba pang estado sa buhay.

Bukod sa nasabing panukalang batas, makikita rin natin ang patuloy na paglaban ng mga grupo ng LGBT para sa pantay-pantay na karapatan, oportunidad at pagtanggap sa pamamagitan ng politikal na paglahok. Dito sa ating bansa, ang natatanging partido politikal para sa mga *lesbian, gay, bisexual at transgender (LGBT) community* ay ang Ladlad. Sila ang tumitingin sa mga kapakanan ng nasabing komunidad. Sila ay sumubok tumakbo upang makakuha ng posisyon sa Kongreso noong 2007, 2010, at 2013. Ang kanilang plataporma ay ang sumusunod:



1. *Re-filing of the Anti-Discrimination Bill, which gives LGBT Filipinos equal opportunities in employment and equal treatment in schools, hospitals, restaurants, hotels, entertainment centers, and government offices.*
2. *Re-filing of the bill to repeal the Anti-Vagrancy Law that some unscrupulous policemen use to extort bribes from gay men without ID cards.*
3. *Setting up of micro-finance and livelihood projects for poor and differently-abled LGBT Filipinos.*
4. *Setting up of centers for mature-aged gays, as well as young ones driven out of their homes. The centers will also offer legal aid and counseling, as well as information about LGBT issues, HIV and AIDS, and reproductive health.*

Gumawa rin ng kasaysayan si Geraldine Roman noong siya ay nagwagi sa Eleksiyon 2016 bilang kongresista ng unang distrito ng lalawigan ng Bataan. Siya ang kauna-unahang *transgender woman* na naluklok bilang kinatawan ng kongreso. Ayon sa kanya, ang pagtakbo sa kongreso ay hindi isyu ng kasarian kundi isyu kung sino ang makakatulong sa bayan. "*People look beyond the gender and look at what you offer and what's in your heart.*" Dagdag pa niya.



## Gawain 5: ITALA MO!

Sa pamamagitan ng *graphic organizer* sa ibaba, magtala ng mga bagay na sa tingin mo ay dapat makamit ng mga miyembro ng *LGBT community*. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



## Pagyamanin

## Gawain 6: MODIFIED FACT OR BLUFF

Panuto: Basahin at unawain ang mga pahayag sa bawat bilang. Isulat ang **FACT** kung ito ay tama at **BLUFF** kung ito ay mali. Kung ang iyong sagot ay **BLUFF**, ipaliwanag sa baba ng bawat aytem ang dahilan kung bakit ito mali. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang pagkakapantay-pantay ng kasarian o *Gender Equality* ay naglalayon ng pantay na karapatan at oportunidad para sa lahat anuman ang kasarian.  
**Paliwanag:** \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
- \_\_\_\_\_ 2. Higit na mas marami ang kababaihan na kinilalang pinakamakapangyarihan sa daigdig ng Forbes Magazine kumpara sa kalalakihan.

**Paliwanag:** \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_ 3. Batay sa *Labor Force Survey*, higit pa rin ang bilang ng kalalakihan na nakapagtatrabaho kumpara sa kababaihan.

**Paliwanag:** \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_ 4. Ang *HeForShe.org* ay isang pinag-isang kampanya ng *UN Women* para sa pagkakatantay-pantay ng kasarian.

**Paliwanag:** \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_ 5. Ayon kay Emma Watson ang *feminism* ay tungkol sa paniniwala na dapat ang kababaihan ay higit na nakakaangat kaysa sa kalalakihan.

**Paliwanag:** \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_ 6. Sa ating bansa, ang bilang ng mga babaeng nahahalal sa iba't ibang posisyon ay mas kaunti pa rin kumpara sa kalalaking naluloklok.

**Paliwanag:** \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_ 7. Ang SOGIE Bill ay isang panukala na naglalayong maiwasan ang anomang anyo ng diskriminasyon base sa *sexual orientation and gender identity or expression* ng isang tao.

**Paliwanag:** \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_ 8. Ang SOGIE Bill ay isang panukalang isinusulong ni Senator Riza Hontiveros.

**Paliwanag:** \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_ 9. Ang bawat indibidwal ay maaari lamang makamit ang pagkakatantay-pantay kung siya ay nasa sarili niyang bansa.

**Paliwanag:** \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_ 10. Dapat makamit ng bawat tao ang patas at epektibong proteksiyon laban sa diskriminasyon kahit ano pa man ang basehan.

**Paliwanag:** \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

## Gawain 7: GABAY NA LAYUNIN!



Tukuyin ang layunin ng mga konsepto sa ibaba at ipaliwanag kung paano mo ito magagamit bilang gabay upang makagawa ng mga hakbang na magsusulong ng pagtanggap at paggalang sa kasarian. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Gender Equality**

| <b>LAYUNIN</b> | <b>GABAY</b> |
|----------------|--------------|
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |


**Kampanyang HeForShe.org**

| <b>LAYUNIN</b> | <b>GABAY</b> |
|----------------|--------------|
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |
| _____          | _____        |



**Isaisip**

Sa bahaging ito, kailangan mong patunayan na naunawaan mo na ang mga konsepto at mga kaalamang dapat maikintal sa iyong isipan. Maaari mo nang balikan ngayon ang *WQF Diagram* na pinasagutan sa simula ng araling ito. Sa puntong ito, sagutan ang bahagi ng “Fact” base sa mga natutuhan mo sa modyul na ito at pagkatapos ay sagutin ang mga pamprosesong tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



Pamprosesong mga tanong:

1. Nasagot ba ang iyong mga katanungan? Bakit o Bakit hindi?
2. Base sa mga nabasa mo sa modyul na ito, nararapat bang bigyan ng pantay na karapatan lahat ng tao kahit anoman ang kanilang kasarian? Ipaliwanag.
3. Paano mo maipapakita ang iyong paggalang at pagtanggap sa ibang tao na hindi mo katulad ang kasarian?



## Isagawa

### Gawain 8: AKSIYON NGAYON!

Panuto: Mag-isip ng 2-3 programa/aktibidad na maaari mong gawin na magpapakita at magsusulong ng pagtanggap at paggalang sa kasarian at nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng tao bilang kasapi ng pamayanan. Sundin ang mga direksiyon sa ibaba at isulat ang sagot sa sagutang papel:

- Isulat ang pangalan ng naisip mong programa/aktibidad.
- Isulat ang mga layunin nito o mga bagay na nais mong makamit dito.
- Isa-isahin mo ang mga hakbang na iyong isasagawa upang makamit ang iyong mga layunin.
- Isulat mo kung sino-sino ang makikinabang at kasapi sa programa/aktibidad na ito.
- Ipaliwanag ang inaasahang resulta ng naisip mong programa/aktibidad. (Tiyaking ang inaasahang resulta ay magiging kapaki-pakinabang upang maituturing itong mahalaga)
- Gamitin ang *criteria* sa ibaba bilang gabay sa pagsasagawa ng bawat panuto.

| Programa/<br>Aktibidad | Layunin | Mga Hakbang | Makikinabang/<br>Kasapi | Inaasahang<br>Resulta |
|------------------------|---------|-------------|-------------------------|-----------------------|
|                        |         |             |                         |                       |

### CRITERIA SA PAGMAMARKA

| KATEGORYA                | PUNTOS      |
|--------------------------|-------------|
| Orihinal na programa     | 30%         |
| Kalinawan ng layunin     | 20%         |
| Kalinawan ng mga hakbang | 20%         |
| Kahalagahan ng programa  | 30%         |
| <b>Kabuoan</b>           | <b>100%</b> |

### Gawain 9: *PLEDGE OF COMMITMENT*

Bilang mag-aaral, dapat lamang na aktibo kang makibahagi sa paglinang ng ganap na kalayaan ng lahat ng Pilipino, maging anoman ang kasarian nito. Sa pagkakataong ito, ikaw ay gagawa ng isang Pledge of Commitment. Ipagpatuloy mo ang pahayag sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Bilang isang mabuting Pilipino/mag-aaral, sisikapin kong isabuhay ang mga natutuhan ko sa araling ito sa pang-araw-araw sa pamamagitan ng.....

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---



## Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong at piliin ang wastong sagot mula sa mga pagpipilian. Titik lamang ng wastong sagot ang isulat sa sagutang papel.

1. Isinasaad ng mga ito na dapat matamasa ng bawat tao ang patas at epektibong proteksiyon laban sa diskriminasyon sa kahit anomang basehan katulad ng lahi, kulay, kasarian, wika, relihiyon, politikal at iba pang opinyon; pambansa o panlipunang pinagmulan, kapanganakan, at iba pang istatus kaya naman ang mga ito ang pinagbasehan ng panukalang batas na SOGIE. Alin dito ang hindi kabilang?
  - a. Commission on Human Rights
  - b. Universal Declaration of Human Rights
  - c. International Covenant on Civil and Political Rights
  - d. International Covenant on Economic Social and Cultural Rights
2. Ano ang kahulugan ng acronym na SOGIE?
  - a. Sexual Orientation and Gender Identity and Expression
  - b. Sex Orientation and Gender Identity or Expression
  - c. Social Orientation and Gender Identity or Expression
  - d. Social Operations on Gender Identity and Expression
3. Maiwasan ang diskriminasyon, ano pa man ang oryentasyong seksuwal ng isang indibidwal ang isinusulong ng panukalang batas na ito.
  - a. Human Rights
  - b. Gender Equality
  - c. SOGIE Bill
  - d. HeForShe.org
4. Ang hakbang na ito ay naglalayong magkaroon ang iba't ibang kasarian ng pantay-pantay na karapatan at oportunidad.
  - a. SOGIE Bill
  - b. Gender Equality
  - c. HeForShe.org
  - d. Human Rights
5. Ano ang nais iparating ni Geraldine Roman sa kanyang sinabi na “Ang pagtakbo sa kongreso ay hindi isyu ng kasarian kundi isyu kung sino ang makakatulong sa bayan?”
  - a. Ang kasarian ay may epekto sa serbisyo na maipagkakaloob ng isang politiko
  - b. Ang pagsali sa politika ay nararapat sa babae at lalaki basta sila ay makatutulong sa bayan
  - c. Kahit ano pa man ang kasarian, ang bawat isa ay may karapatan na tumakbo sa halalan
  - d. Ang kasarian ay hindi basehan sa pagpili ng lider, kundi ang serbisyo na maipagkakaloob niya sa bayan
6. Ang *UN Women* ay nagkaroon ng pinag-isang kampanya para sa pagkakapantay-pantay ng kasarian. Ano ito?
  - a. HeForShe.org
  - b. SOGIE Bill
  - c. Human Rights
  - d. Gender Equality


7. Ano ang puwede mong gawin upang higit na maitaas ang dignidad ng *LGBT community* na iyong kinabibilangan?
  - a. Magkaroon ng programa tungkol sa pangangalaga ng kalikasan
  - b. Huwag ng pansinin ang sinasabi ng iba bastat gumagawa ka ng tama
  - c. Maging magandang halimbawa o modelo sa bawat isa upang makita ng lipunan na karapat-dapat din silang respetuhin
  - d. Lahat ng nabanggit
  
8. Ano ang ibig sabihin ng pahayag na ito? *“Both men and women should feel free to be sensitive. Both men and women should feel free to be strong. It is time that we all perceive gender on a spectrum, instead of two sets of opposing ideal.” – Emma Watson*
  - a. Ang kababaihan ay higit na sensitibo kumpara sa kalalakihan
  - b. Ang kababaihan at kalalakihan ay dapat magkaroon ng pantay na karapatan
  - c. Ang kababaihan at kalalakihan ay dapat magkaroon ng pantay at magkasundong pananaw tungkol sa kasarian
  - d. Ang kababaihan ay dapat bigyan ng higit na karapatan kumpara sa kalalakihan dahil sila ang kalimitang nakararanas ng diskriminasyon
  
9. Ang kababaihan at kalalakihan ay dapat magkaroon ng pantay na karapatan at oportunidad. Ano ang paniniwalang ito?
 

|              |                       |
|--------------|-----------------------|
| a. Sexualism | c. Masculinity        |
| b. Feminism  | d. Gender Sensitivity |
  
10. Si Andrew ay kabilang sa *LGBT community*. Siya ay mahilig magsuot ng damit pambabae sa tuwing siya ay nagpupunta ng *mall* dahil ito ay naaayon sa kaniyang damdamin ngunit din dahil dito ay madalas siyang kutyahin ng ilang tao sa kanilang lugar. Anong panukalang batas ang maaaring makatulong kay Andrew upang maiwasan na ang ganitong uri ng pangyayari?
 

|                 |                    |
|-----------------|--------------------|
| a. Human Rights | c. HeForShe.org    |
| b. SOGIE Bill   | d. Gender Equality |
  
11. Ikaw ay kabilang sa organisasyon ng inyong paaralan at nakasaksi ka ng mga nilalait na miyembro ng *LGBT*, ano ang dapat mong gawin?
  - a. Makialam at sumama sa panlalait sa kanya
  - b. Hayaan na lang siya dahil hindi ka naman kasapi sa *LGBT*
  - c. Pagsabihan ang mga mag-aaral na huwag siyang i-bully sa loob ng paaralan
  - d. Ipatawag sa opisina ang mga mag-aaral na nanlalait at pagsabihan na huwag na nila itong ulitin dahil lahat ng tao ay may damdamin at pantay na karapatan
  
12. Ayon sa HeForShe.org, kinakailangan ang tulong ng kalalakihan upang malabanan ang di-pantay na pagtrato sa mga kababaihan. Bakit kailangan itong gawin?
  - a. Kailangan ang tulong ng kalalakihan dahil mas kaunti ang bilang ng kababaihan kaya hindi nila kakayanin na isulong ang kanilang karapatan
  - b. Kailangan ang tulong ng kalalakihan dahil higit ang kanilang bilang na may posisyon sa pamahalaan
  - c. Kailangan ang tulong ng kalalakihan dahil sila ay mayroong direktang ugnayan sa isyung ito
  - d. Kailangan ang tulong ng kalalakihan dahil magkatuwang ang babae at lalaki sa buhay



13. Bakit kinakailangang magkaroon nang pantay-pantay na karapatan ang lahat ng tao kahit ano pa ang kanilang kasarian?
- Dahil lahat ng tao, anoman ang kasarian ay mabubuti
  - Dahil ito ay ipinaglalaman ng mga kilalang personalidad
  - Dahil lahat tayo ay mamamayan ng ating sariling bansa
  - Dahil ang lahat, anoman ang kasarian ay dapat igtalang at pahalagahan
14. Si Roy ay miyembro ng isang organisasyong lumalaban at naglalayong mabigyang ng patas na pagkakataon at pagtingin ang lahat ng tao, sila man ay babae, lalaki o LGBT. Ano ang ipinaglalaman ni Roy?
- Gender Sensitivity
  - Feminism
  - Gender Equality
  - Sexualism
15. Dito sa Pilipinas, ang partisipasyon ng kababaihan sa politika ay higit na mababa kumpara sa kalalakihan. Dalawang babae ang naging Presidente ng bansa at sa ika-18 kongreso, 7 lamang sa 24 na senador ang babae. Sa Edukasyon, higit na marami ang babaeng nakapag-*enrol* sa elementarya at sekondarya. Sa taong 2015, ang *female net enrollment ratio* (NER) sa pribado at pampublikong mababang paaralan ay nasa 91.96% habang ang ay *male NER* ay nasa 90.2%. Samanata, batay sa *Labor Force Survey* o LFS noong Enero 2021, mas mataas ang *Labor Force Participation Rate* ng mga lalaki (73.9%) kaysa sa mga babae (46.9%). Ano ang mahihinuha mo sa talata?
- Ang partisipasyon ng kababaihan at kalalakihan ay walang pinagkaiba.
  - Ang partisipasyon ng kababaihan ay higit na mataas kumpara sa kalalakihan.
  - Pantay ang partisipasyon ng kababaihan at kalalakihan sa iba't ibang aspekto ng ating lipunan.
  - Mas mataas pa rin ang bilang ng partisipasyon ng kalalakihan kaysa sa kababaehan sa larangan ng sa politika at sa trabaho.



## Karagdagang Gawain

### Gawain 10: PROGRAMA NG BAYAN!


Magsiyasat ng limang programa ng barangay, lokal o pambansang pamahalaan na naglalayong isulong ang pagtanggap at paggalang sa kasarian na nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng tao bilang kasapi ng pamayanan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| PROGRAMA | Antas/lawak ng pagpapatupad (barangay, lungsod/munisipalidad, probinsiya, o pambansa) | Layunin at deskripsiyon ng programa |
|----------|---|-------------------------------------|
| 1.       |   |                                     |
| 2.       |   |                                     |
| 3.       |   |                                     |
| 4.       |   |                                     |
| 5.       |   |                                     |

### Gawain 11: TULA NG PAGTANGGAP!

Magsulat ng isang malayang tula na may tatlong saknong tungkol sa pagtanggap at paggalang sa iba't ibang kasarian. Gamitin ang rubrik sa ibaba bilang gabay.

| Napakagaling (10)   | Magaling (8)  | Katamtaman (6)   | Nangangailangan ng pagsasanay (4)                                 |
|---|---|--|---|
| Napakalalim at makahulugan ang kabuoan ng tula  | Malalim at makahulugan ang kabuoan ng tula  | Bahagyang may lalim ang kabuoan ng tula  | Mababaw at literal ang kabuoan ng tula                            |
| Gumamit ng simbolismo/pahiwatig na nakapagpaisip sa mga mambabasa. Piling-pili ang mga salita at pariralang ginamit | Gumamit ng ilang simbolismo/pahiwatig na bahagyang nagpaisip sa mga mambabasa. May ilang piling salita at pariralang ginamit. | Gumamit ng 1-2 simbolismo na nakalito sa mga mambabasa. Ang mga salita ay di-gaanong pili. | Wala ni isang pagtatangkang ginawa upang makagamit ng simbolismo. |



## Susi sa Pagwawasto

**Tayahin**

1. a  
2. a  
3. c  
4. b  
5. d  
6. a  
7. d  
8. c  
9. b  
10. b  
11. d  
12. c  
13. d  
14. c  
15. d

**Gawain: GABAY NA LAYUNINI**

**Gender Equality** — Layunin nito ang pagbibigay ng pantay na karapatan at oportunidad sa iba't ibang kasarian na kabilang sa lipunan.

**SOGIE Bill** — Ito ay naglalayong maiwasan ang anumang anyo ng diskriminasyon base sa *sexual orientation and gender identity or expression* ng isang tao.

**Kampanyang HeforShe.org** — layunin nito ang pagakakapantay-pantay ng kasarian. Ito rin ay naglalayong isama ang kalalakihan sa laban sa di-pantay na pagtrato sa kababaihan at para sa karapatan ng kababaihan.

**Pagymanin**

**Gawain 6:**  
**MODIFIED**  
**FACT OR**  
**BLUFF**

1. FACT  
2. BLUFF  
3. FACT  
4. FACT  
5. BLUFF  
6. FACT  
7. FACT  
8. FACT  
9. BLUFF  
10. FACT

**Subukin**

1. b  
2. d  
3. a  
4. b  
5. c  
6. c  
7. b  
8. c  
9. d  
10. d  
11. a  
12. d  
13. d  
14. a  
15. c

# Sanggunian

## Books:

Department of Education. (2017). *Kontemporaryong Isyu: Modyul ng mga mag-aaral*.

Philippine Statistics Authority. (2021, March 9). *Employment situation in January 2021 | Philippine Statistics Authority*. <https://psa.gov.ph/content/employment-situation-january-2021>

## Websites:

[https://www.senate.gov.ph/press\\_release/2011/0308\\_legarda3.asp](https://www.senate.gov.ph/press_release/2011/0308_legarda3.asp)

<http://www.senate.gov.ph/lisdata/3043527277!.pdf>

<http://legacy.senate.gov.ph/senators/sen18th.asp>

<https://jelloyopposite.wordpress.com/2017/10/17/pagsulong-ng-gender-equality-sa-pilipinas-isang-posisyong-papel/>

<http://sociology.about.com/od/Current-Events-in-SociologicalContext/fl/Full-Transcript-of-Emma-Watson-s-Speech-on-Gender-Equality-at-theUN.htm>

<https://outragemag.com/ladlad-partylist-nine-years-of-fighting-for-lgbt-rights/>

<https://radyo.inquirer.net/30563/transgender-wagi-bilang-kongresista-sa-bataan>

[https://www.google.com/search?q=gender+equality&source=lnms&tbn=isch&sa=X&ved=2ahUKewizs\\_yu\\_MfsAhXCLqYKHRKmBHwQ\\_AUoAXoECBMQAw&biw=1366&bih=625#imgrc=XBF5axo\\_T1txHM](https://www.google.com/search?q=gender+equality&source=lnms&tbn=isch&sa=X&ved=2ahUKewizs_yu_MfsAhXCLqYKHRKmBHwQ_AUoAXoECBMQAw&biw=1366&bih=625#imgrc=XBF5axo_T1txHM)

<https://news.abs-cbn.com/news/03/08/18/alamin-batayang-karapatan-ng-kababaihan>

[https://mapstat-psa.opendata.arcgis.com/datasets/4953a6f2f4394342b79afc04806b4c96\\_0?select=Attribute=FEMALE15](https://mapstat-psa.opendata.arcgis.com/datasets/4953a6f2f4394342b79afc04806b4c96_0?select=Attribute=FEMALE15)

[https://mapstat-psa.opendata.arcgis.com/datasets/4953a6f2f4394342b79afc04806b4c96\\_0?select=Attribute=MALE15](https://mapstat-psa.opendata.arcgis.com/datasets/4953a6f2f4394342b79afc04806b4c96_0?select=Attribute=MALE15)

<https://psa.gov.ph/statistics/survey/labor-and-employment/labor-force-survey/title/2020%20Annual%20Preliminary%20Estimates%20of%20Labor%20Force%20Survey%20%28LFS%29>

<https://www.forbes.com/powerful-people/list/>

<https://ourworldindata.org/gender-ratio>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)